## TUESDAY, MAY 28, 2002

RESUMPTION OF THE SESSION

*At 4:01 p.m., the session was resumed with the Senate President, Hon. Franklin M. Drilon, presiding.*

**The President.** The session is resumed. The Majority Leader is recognized.

**Senator Legarda Leviste.** Mr. President, I move that we proceed to the Second and Third Additional Reference of Business.

**The President.** The Secretary will read the Second and Third Additional References of Business.

SECOND ADDITIONAL REFERENCE OF BUSINESS

RESOLUTIONS

**The Secretary.** Proposed Senate Resolution No. 326, entitled

RESOLUTION URGING THE SENATE COMMITTEE ON LABOR AND EMPLOYMENT, TO CONDUCT AN INQUIRY, IN AID OF LEGISLATION, INTO THE STATE OF THE OVERSEAS WELFARE ADMINISTRATION (OWWA) FUND AND THE UTILIZATION THEREOF, WITH THE INTENT OF INTRODUCING REMEDIAL MEASURES TO ENSURE THAT THE FUND FOR OVERSEAS FILIPINO WORKERS WILL ACCRUE TO THEIR BENEFIT AND WELFARE

Introduced by Senator Legarda Leviste

**The President.** Referred to the Committees on Labor, Employment and Human Resources Development; and Foreign Relations

**The Secretary.** Proposed Senate Resolution No. 327, entitled

RESOLUTION DIRECTING THE SENATE COMMITTEE ON ACCOUNTABILITY OF PUBLIC OFFICERS AND INVESTIGATIONS, TO INVESTIGATE, IN AID OF LEGISLATION, THE ALLEGED "HIJACKING" OF THE $1 MILLION BURNHAM RANSOM

Introduced by Senator Ejercito Estrada

**The President.** Referred to the Committee on National Defense and Security

**The Secretary.** Proposed Senate Resolution No. 328, entitled

RESOLUTION URGING THE SENATE COMMITTEE ON BANKS, FINANCIAL INSTITUTIONS AND CURRENCIES TO CONDUCT AN INQUIRY, IN AID OF LEGISLATION, ANENT THE UNREASONABLE PRACTICES, TRANSACTION CHARGES AND INTEREST RATES BEING IMPOSED BY BANKS AND CREDIT CARD COMPANIES WITH THE END-IN-VIEW OF ADDRESSING THE PROBLEM THROUGH APPROPRIATE REMEDIAL MEASURES

Introduced by Senator Magsaysay Jr.

**The President.** Referred to the Committees on Trade and Commerce; and Banks, Financial Institutions and Currencies

**The Secretary.** Proposed Senate Resolution No. 329, entitled

RESOLUTION URGING THE PHILIPPINE SENATE TO CONCUR IN THE INTERNATIONAL CONVENTION FOR THE SUPPRESSION OF THE FINANCING OF TERRORISM ADOPTED BY THE UNITED NATIONS GENERAL ASSEMBLY

Introduced by Senator Magsaysay Jr.

**The President.** Referred to the Committee on Foreign Relations

**The Secretary.** Proposed Senate Resolution No. 330, entitled

RESOLUTION CREATING THE SENATE AD HOC COMMITTEE ON TRUST FUNDS

Introduced by Senators Angara, Aquino-Oreta, Robert S. "JAWO" Jaworski, Lacson, Serge Osmeña and Sotto III

**The President.** Referred to the Committee on Government Corporations and Public Enterprises

THIRD ADDITIONAL REFERENCE OF BUSINESS

BILLS ON FIRST READING

**The Secretary.** Senate Bill No. 2146, entitled

AN ACT PROVIDING GOVERNMENT ASSISTANCE TO MADRASAH EDUCATION SYSTEM, APPROPRIATING FUNDS THEREFOR AND FOR OTHER PURPOSES

Introduced by Senator Legarda Leviste

**Senator Osmeña III.** That is correct, Mr. President.

**Senator J. Osmeña.** Yes, Mr. President.

**Senator Osmeña III.** And then, perhaps that would also help the financial institutions avoid having to take an early write off—

**Senator J. Osmeña.** That is exactly the consequence of that, Mr. President.

**Senator Osmeña III.** And they could conceivably, as long as they own those shares of stocks, keep these ROPOAs at the same book value at which they acquired the assets, whether or not they made money on the subsequent sale of the repossessed assets that are now the assets of the new subsidiary corporation.

**Senator J. Osmeña.** Those shares of stock, Mr. President, would be booked at transfer value. Whether or not that transfer value is reflective of the real value is something that will have to be looked into.

Now, whether or not the Central Bank—the Department on Supervision of Banks—will allow them to reflect that at transfer value is something that will have to be worked out with the Central Bank.

Mr. President, I do not think that we have said that the Metrobank has done anything that is not yet allowed by law. But to my mind, what is a little bit disturbing is that the deputy governor of Central Bank and the members of the Monetary Board are not even aware of the details of these transactions.

**Senator Osmeña III.** Mr. President, unfortunately, I think they only check the banks once every three years or once every two years. *[Laughter]*

**Senator J. Osmeña.** Mr. President, this is the largest—

**Senator Osmeña III.** That is correct, Mr. President.

**Senator J. Osmeña.** —next to PNB. I do not know how Metrobank ranks with Land Bank of the Philippines.

**Senator Osmeña III.** I think the Bank of the Philippine Islands is the largest, then Metrobank. Sometimes Metrobank is No. 1 in terms of resources.

Thank you very much, Mr. President.

**Senator J. Osmeña.** Thank you, Mr. President.

If this bill does not pass we can see all of them scouring and running to the SEC creating special asset vehicles.

SUSPENSION OF SESSION

Mr. President, I move that we suspend the session for one minute.

**The Presiding Officer** [Sen. Flavier]. Is there any objection? *[Silence]* There being none, the session is suspended for one minute.

*It was 5:58 p.m.*

RESUMPTION OF SESSION

*At 5:59 p.m., the session was resumed.*

**The Presiding Officer** [Sen. Flavier]. The session is resumed. The Majority Leader is recognized.

**Senator Legarda Leviste.** Mr. President, I move that we suspend the period of interpellations on Senate Bill No. 2116 under Committee Report No. 41.

**The Presiding Officer** [Sen. Flavier]. Is there any objection? *[Silence]* There being none, the motion is approved.

SUSPENSION OF CONSIDERATION OF S. NO. 2116

**Senator Legarda Leviste.** Mr. President, I move that we suspend consideration of Senate Bill No. 2116 under Committee Report No. 41.

**The Presiding Officer** [Sen. Flavier]. Is there any objection? *[Silence]* There being none, the motion is approved.

BILL ON SECOND READING
**S. No. 2101 — Instituting a Balikbayan Program**
*(Continuation)*

**Senator Legarda Leviste.** Mr. President, I move that we resume consideration of Senate Bill No. 2101 as reported out under Committee Report No. 38.

**The Presiding Officer** [Sen. Flavier]. Is there any objection? *[Silence]* There being none, resumption of consideration of Senate Bill No. 2101 is now in order.

**Senator Legarda Leviste.** We are in the period of interpellations. I move that we recognize the sponsor, Sen. Noli "Kabayan" De Castro; and to interpellate, I move that we recognize Sen. Joker P. Arroyo.

**The Presiding Officer** [Sen. Flavier]. Sen. Noli "Kabayan" De Castro is recognized.

**Senator De Castro.** Thank you, Mr. President, but before the interpellation of the good gentleman from Makati and Bicol, in view of the interpellations made for Senate Bill No. 2101 or the *Balikbayan* bill, may I be allowed to put on record the following:

(1) *Ang intention po ng* Committee on Tourism for this bill is for the additional privilege of US$1,000 for the *Kabuhayan* Program of our returning *balikbayan.*

(2) We appreciate the concern of the Senate President and Sen. Tessie Aquino-Oreta, disregarding the government-owned and controlled duty-free shops that we use in our bill. So, the committee is amenable to retain the provision of the existing law which is the Philippine duty-free shops. *Pero ito pong Kabuhayan* Program *ay magiging* exclusive *sa* PTA duty-free shops.

Thank you, Mr. President.

**The Presiding Officer** [Sen. Flavier]. Senator Arroyo is now recognized.

**Senator Arroyo.** Mr. President, will the gentleman, the distinguished sponsor, yield for some questions?

**Senator De Castro.** Yes, Mr. President, it is an honor from the good gentleman from Makati and Bicol.

**Senator Arroyo.** Mr. President, the way I see the bill, *ay bakit ba* the gentleman is granting US$1,000 *diyan sa kabuhayan* project? Am I correct, Mr. President?

**Senator De Castro.** Yes, Mr. President, US$1,000 for the *Kabuhayan* program under the *Balikbayan* bill.

**Senator Arroyo.** So, why is it only US$1,000, that is my question really. Why? I mean, if we are going to give, *bibigyan din, bakit hindi lalong malaki*?

**Senator De Castro.** The original bill actually is US$2,000 pero during the committee hearing, inulit po ng OWWA ang request of our *balikbayan* and it was also during this hearing that the committee learned that an automotive shop, for instance, would need, ay nangangailangan po ng tools amounting to more than US$1,000, not to mention the equipment needed. So in this regard, the existing privilege of US$1,000 may also be tapped by the *balikbayan* para pandagdag sa US$1,000 para sa *Kabuhayan* Program. Sabagay, matutuwa po ang mga *balikbayan* kung magiging US$2,000 exclusive for the *Kabuhayan* Program. But in our bill puwede pong gamitin ng isang *balikbayan* ang kanyang shopping privilege na US$2,000. Kaya, kung sakali't kulang ang US$1,000 puwede niyang gamitin and additional US$2,000 under the shopping privilege of a *balikbayan.*

**Senator Arroyo.** Hindi po ba ang idea ng *Kabuhayan* project is for the economic reasons, hindi ba ganoon po iyon?

**Senator De Castro.** Opo, Ginoong Pangulo. Tama po iyon.

**Senator Arroyo.** Ngayon, ihiwalay natin ang mga other privileges ng mga *balikbayan*, *i*-concentrate muna natin iyong amount sa *Kabuhayan* kung magkano talaga. Because kung magbibigay tayo, di magbigay tayo ng malaki.

**Senator De Castro.** Siguro sa panahon po ng amendments, Mr. President, ay puwedeng ipanukala ng senador mula sa Bicol at Makati iyong additional US$1,000 para maging US$2,000 under the *Kabuhayan* Program ng ating *Balikbayan Program.*

**Senator Arroyo.** Well, I thank very much the distinguished sponsor, if he has an open mind on that. Pero nagtataka lamang ako kung bakit iyong, anong opisina iyong nag-propose ng...

**Senator De Castro.** OWWA.

**Senator Arroyo.** OWWA officials are supposed to protect the interests of the overseas workers. *Bakit ba ganoon ang* position *nila*? I mean, we might as well know why they are like that.

**Senator De Castro.** I do not know because according to OWWA, ang feedback po nila ay nagpapakita na ang proposed US$1,000 actually ay insufficient para sa *kabuhayan* items. That is why inilagay po namin sa aming bill na ang shopping privilege ay magamit pa rin. Marahil ay nag-aalala sila na dahil ito ay duty-free ay baka naman maabuso kung palalakihin nila sa US$1,000. Iyong abuso lamang ang iniiwasan dito. As a matter of fact, sa committee hearings po, ang laging nangingibabaw sa mga reklamo ay ang abuso sa paggamit ng duty-free privilege ng mga *balikbayan* especially ang mga overseas Filipino workers.

**Senator Arroyo.** Mr. President, let us assume na nag-aabuso sila, pera nila iyan. They did not earn it in the Philippines. Hindi ba ini-earn nila iyon sa abroad? Hindi ba ganoon iyon Ginoong Pangulo?

**Senator De Castro.** Tama po iyon, Ginoong Pangulo.

**Senator Arroyo.** All right. Ngayon, they earned it abroad.

**Senator De Castro.** Opo.

**Senator Arroyo.** Walang pakialam dito ang Pilipinas. Hindi naman ini-earn dito. Ngayon, gusto nilang bumili dito and the only privilege that they are getting is that it is duty-free, meaning, walang tax.

**Senator De Castro.** Opo.

**Senator Arroyo**. Bakit hindi na luwangan iyon. Kung kulang iyong US$2,000, why not make it US$3,000? I mean, that is what I am just trying to find out, Mr. President. Kung ibibigay natin, ibigay na natin. Bakit kuripot iyong OWWA?

**Senator De Castro**. Gaya po ng sinabi ko, matutuwa talaga ang mga *balikbayan* kung gagawin nating US$2,000 sa ilalim ng *Kabuhayan* Program. Kaya lamang siguro naging US$1,000 ang panukala rin ng OWWA ay para maiwasan po ang pang-aabuso ng ilan nating kababayan.

Ang laging issue sa bill na ito ay ang smuggling umano na maaaring mangyari. But ito po ay ikinumpirma na ng duty-free shops na masyadong mahigpit ang Bureau of Customs sa pagmo-monitor ng mga duty-free merchandise being sold sa mga duty-free shops o iyong mga pumapasok sa ating bansa through the Customs bonded warehouse. Pero sabi ko nga sa inyo, kung iyan ay isasama natin sa pag-a-amend sa panahon ng amendments ng ating batas ay matutuwa ang ating *balikbayan* at sino ako para tumanggi na gawin nating US$2,000?

**Senator Arroyo**. Well, thank you very much, Mr. President. The distinguished sponsor is amenable to enlarging the privileges.

**Senator Sotto**. Mr. President.

**The Presiding Officer** [Sen. Flavier]. Senator Sotto is recognized with the permission of the two gentlemen.

**Senator Sotto**. May I be allowed by the two gentlemen to interject, Mr. President, just to serve notice that we should reconsider that point. Of course, it is up to the sponsor, it is up to the distinguished gentleman to present that amendment later on.

We used to study and handle this particular bill and one of the main reasons we should not allow a higher allowable rate or amount is it will eventually kill the local business that also sells these types of equipment. So *kung lalakihan pa iyan, wala nang bibili ng mga wala sa* duty-free shops. I think that is one of the reasons they would like to put a cap to the limit allowed in the *Kabuhayan* Program, Mr. President.

**Senator Arroyo**. Mr. President, I appreciate the concern here of Senator Sotto. True, the local stores would be protesting. But as I said earlier, the *balikbayan* earned their money abroad with no help at all from the Philippines or from the Philippine government. They will spend here the money they earned abroad. *Maiiwan iyong perang iyon dito.* It will be left here. The Philippine government did not help at all the overseas workers earn that money, then they should be given that privilege.

*Iyong* competition, I think that they are not supposed to service overseas workers because if we follow that reasoning, therefore an overseas worker who earns his money abroad comes here and we will have to compel him to buy locally, then I go back to my proposition. Where did they earn this money? Not in the Philippines but abroad. So we should be what we call *maluwag tayo diyan* because *wala namang tulong na ibinigay ang Pilipinas sa kanila*. In fact, we just gave them a permit to work abroad.

**Senator De Castro**. Mr. President, may I add. Sa karaniwang automotive shops, machine shops, iron works, air-conditioning shops, refrigeration shops and other mechanically related shops, ito ang maaaring pangkaraniwang pasukan ng ating mga OFW upang maging hanapbuhay nila. Iyong hand tool set proto model 99101—US made ito—ay nagkakahalaga ng US$930 at may 131 pieces. Marami ho iyan. Pero kung mas marami pa ring set, let us say, this US$930 worth of hand tool is 131 pieces. The proto model consisting of 148 pieces hand tool set ay nagkakahalaga ng US$2,346. So kung gagawin nating US$2,000 ay maaabot niya itong mas maraming piraso na gamit para sa kaniyang papasuking hanapbuhay like automotive shops.

**Senator Arroyo**. That is why I am just trying to stress a point. We are even trying to give them absentee-voting rights, we are giving them other rights. Those are privileges and rights but this one is economic. They will appreciate this better because this is an economic benefit. Iyon lamang, ang gusto kong i-emphasize because it is unfair to compel the *balikbayan* to buy in our local stores.

**Senator Sotto**. Mr. President.

**The Presiding Officer** [Sen. Flavier]. Senator Sotto is recognized, with the permission of the two gentlemen on the floor.

**Senator Sotto**. Again, yes, Mr. President. As I said, we cannot prevent the sponsor from accepting that proposed amendment and we cannot prevent anybody from proposing that amendment. What I just interjected was the fact that I was just informing the Chamber that this is one of the reasons it was pegged down to US$1,000 during the past years. It is up to them whether they would like to make it higher. But I assure the gentlemen that the people from the local retail business in the country will be objecting to that for sure.

Thank you, Mr. President.

**Senator De Castro**. As a matter of fact, Mr. President, it is not only US$1,000 for the past years because this is an additonal US$1,000. At present, we have US$1,000 as frequent travelers under an executive order and then another US$1,000 under R.A. 6768 for *balikbayan*, so that means US$2,000 *ang* entitled *sa isang* OFW or a *balikbayan*.

This bill is only an amendment of R.A. 6768 kung saan dadagdagan ng another US$1,000 para sa *Kabuhayan* Program. Sa original bill ay US$2,000 talaga. Sabi ko nga mas matutuwa ang mga *balikbayan* na magiging US$2,000 ang kanilang pribilehiyo para sa *Kabuhayan* Program.

Anyway, sinisigurado ng duty-free shops, whether it is a small or a big amount na ibinibigay nating privilege sa mga *balikbayan* subalit ang Bureau of Customs ay hinihigpitan sila. Lahat ng importations ay well-accounted for ng Bureau of Customs. And to elaborate, lahat ng importations of duty-free merchandise being sold at the Duty Free Philippines stores entered into the country through the Customs bonded warehouse, at ang operation ng mga ito ay sa ilalim naman ng NAIA customs house. Lahat ng transfers of duty-free goods from one bonded location to another are with Customs approval, ginagwardihan ng Customs guard, with an approved Customs boat note for control at saka bond liquidation.

Kaya tinatanggap ko iyong proposal of the good gentleman from Makati and Bicol dahilan sa ang US$2,000 ay malaking benepisyo especially para sa mga OFW na magre-reintegrate sa ating society after na matapos ang kanilang term, or sometimes one-year or two-year term sa pagtratrabaho sa abroad, at pagbalik nila rito, walang naghihintay sa kanilang hanapbuhay dahil ang iba riyan ay may edad na rin o kaya ay nag-resign na sa kanilang mga trabaho. So through the reintegration program of our government, ang layunin nito ay mabigyan ng hanapbuhay ang ating mga kababayan o makapasok sa anumang hanapbuhay at magamit nila ang mga tools na duty-free mula sa Duty Free Philippines.

**Senator Arroyo.** Mr. President, if the distinguished sponsor is willing to accept such kind of amendment during the period of amendments, then I will be most thankful. In fact, my interpellation is limited to that— that is to increase the privilege.

I do not have any more questions, Mr. President. I thank the distinguished sponsor for his open mind on the matter.

**Senator De Castro.** Thank you too, Mr. President, and thank you too to the good gentleman from Bicol and Makati.

**Senator Drilon.** Senator Villar wishes to take the floor for interpellation on this bill.

**The Presiding Officer** [Sen. Flavier]. Senator Villar is recognized.

**Senator Villar.** Ginoong Pangulo, maikli lamang siguro at mga tatlong oras lamang.

Thank you, Mr. President.

Gusto ko lamang magtanong nang kaunti at makakuha ng mga paliwanag dito sa ating Senate Bill No. 2101, the Balikbayan Program.

Ginoong Pangulo, doon sa isa sa mga problemang lumalabas sa mga tanungan ay kung paano maisasakatuparan ang *Kabuhayan* shopping privilege gayung natanggal na iyong mga livelihood tools sa mga eskaparate ng mga duty-free shops. Iyon ba ay puwede nating gawing requirement sa tourist duty--free shops na maglagay sila ng mga specific livelihood tools at paramihin pa natin para lalong mas dumami ang mga choices ng mga *balikbayan* na uuwi rito?

**Senator De Castro.** Yes, Mr. President. Katunayan ay naghahanda na rin ang duty-free shops sa pag-asa nila na maaprubahan ang panukalang batas na ito. Naghahanda na sila kung ano ang mga listahan ng mga hanapbuhay na prino-provide sa kanila ng OWWA. Ito namang mga listahan na ito ay galing din sa mga— especially sa mga overseas Filipino workers, as to the kind of hanapbuhay na gusto nilang pasukan after na matapos ang kanilang pagtratrabaho sa abroad at babalik na sila sa Pilipinas. So pinaghahandaan na nila iyan at naghahanap na sila kung saan nila maisu-source itong mga gamit na ito para sa hanapbuhay under the *Kabuhayan* Program, Ginoong Pangulo.

**Senator Villar.** Pinag-uusapan kanina, Ginoong Pangulo, the amount whether it is US$1,000 or US$2,000 and it was mentioned that in order to protect the local producers, dapat siguro US$1,000 lamang subalit parang nakukulangan naman tayo sa isang banda. Ang tanong ko lamang, sa mga darating ba natin na programa sa pagtanggal nitong tariff ay kailangan pa kaya itong bill na ito dahil alam natin na sa darating na panahon pababa nang pababa ang mga taripa sa mga imported items and therefore, nakikita ko na darating ang oras na iyong buong duty-free concept will become irrelevant?

**Senator De Castro.** Tama po iyon, Ginoong Pangulo. Katunayan iniisip na rin iyan ng Duty Free Philippines. But ang talagang pangunahing layunin ng *Balikbayan* Program ng ating pamahalaan under Republic Act No. 6768 ay hindi lamang to attract and encourage overseas Filipinos na bumalik sa Pilipinas o dalawin tayo dito, kundi bilang recognition din sa kanilang naging contribution sa ating bansa through the foreign exchange inflow and revenues that they generate.

Pero ang talagang tina-target dito ng ating pamahalaan ay ang mga dolyar na pumapasok sa ating bansa, sapagkat gustong, well, the word is "makupo" ng ating pamahalaan ang mga dolyar nila at makabibili nga sila ng murang bilihin dito sa atin, kasi kahit bababa ang taripa mayroon pa rin tayong binabayaran na value-added tax at 10% rin iyan. Kung iyan ay matitipid ng isang manggagawa o isang OFW, malaki na. Pero ang isa sa mga layunin ay para nga

iyong mga dolyar ay hindi maiwan sa labas o sa ibang bansa kapag bumabalik ang mga OFWs.

So kung saka-sakali ay doon sila sa abroad bibili halimbawa ng isang television set, chocolates, or liquor, or cigarettes, ay naiiwan iyong dolyar doon sa bansang pinanggalingan nila at hindi nai-tra-transfer sa ating bansa at kailangang-kailangan po natin ang dolyar dahilan sa takbo ng ating ekonomiya.

So naiisip na rin iyan ng Duty Free Philippines pero sa layunin na makupo nga iyong dolyar na iyon, isa po iyan sa layunin noon at saka iyong value-added tax ay hindi pa rin mawawala kung sakali ay 10% din iyan na ipinapatong sa mga produkto na hindi nagdaraan sa Duty Free Philippines, Ginoong Pangulo.

**Senator Villar**. Sa ngayon, Ginoong Pangulo, ang allowed ay US$1,000?

**Senator De Castro**. Bale lumalabas ay dalawang libong dolyar.

**Senator Villar**. Sa ngayon, sa ngayon?

**Senator De Castro**. Sa ngayon dahil—as frequent traveler under an executive order and then under R.A. No. 6768, another US$1,000, so lahat-lahat ay US$2,000.

**Senator Villar**. So ito, Ginoong Pangulo, itong US$2,000 ay gagawing magkano?

**Senator De Castro**. Dadagdagan po natin ng another US$1,000 para iyan sa *Kabuhayan* Program sa ilalim ng *Balikbayan* Program.

**Senator Villar**. Kaya magiging US$3,000.

**Senator De Castro**. Opo, US$3,000.

**Senator Villar**. Ginoong Pangulo, itong mga nakaraang taon, magkano ba ang naa-avail na purchases nitong ating mga *balikbayan* sa Duty Free Philippines?

**Senator De Castro**. Kailan po ito?

**Senator Villar**. Siguro puwede ring last year as a basis. At kung mayroong statistics sana, iyong highest level na nagamit ng ating mga *balikbayan*.

**Senator De Castro**. For 2001, Duty Free Philippines generated a total of US$44,211,957—this is in US dollars, Mr. President—in sales mula sa mga *balikbayan*, and this is a 12.8% decrease from the previous year 2000 wherein it generated US$50,723,901 in *balikbayan* sales.

**Senator Villar**. Ginoong Pangulo, iyong baba ng mga binibili ng ating mga balikbayan, iyan ba ay dahil sa pagbaba ng purchases per person o nabibili ng isang balikbayan o ang pagkaunti ng balikbayan na namimili?

**Senator De Castro**. Marahil ito ay kasunod pa rin ng krisis na nangyari po sa ating bansa. Mayroon tayong krisis na nangyari noon sa Asya, then sumunod iyong political crisis natin. Kaya ito ay nagkasunud-sunod na. Marahil kahit bumabalik ang ating mga kababayan ay itinatago pa rin nila iyong kanilang dolyar sa pag-asa na baka tumaas. Kung matatandaan ninyo, year 2000-2001 ay masyado pong itinaas ang palitan ng dolyar sa piso, na halos natakot tayo na baka umabot ng P60.

Kaya ang isa po na iniisip na dahilan ay pinipigil ng mga Overseas Filipino Workers at ng mga balikbayan ang dolyar na hawak hawak nila and hoping na tataas pa iyong dolyar kaya kakaunti ang namimili.

**Senator Villar**. *Ginoong Pangulo, mayroon po ba tayong* statistics *doon sa* number of *balikbayan* who availed themselves of this program last year and the past few years, *kung mayroon lamang*?

SUSPENSION OF SESSION

**Senator De Castro**. Just a one-minute suspension of the session, Mr. President.

**The Presiding Officer** [Sen. Flavier]. The session is suspended for one minute if there is no objection. *[There was none.]*

*It was 6:27 p.m.*

RESUMPTION OF SESSION

*At 6:28 p.m., the session was resumed.*

**The Presiding Officer** [Sen. Flavier]. The session is resumed.

**Senator De Castro**. According to the record of Fiesta Mall, from 1990 to 2001, tungkol sa registered number of *balikbayan* shoppers per month—ito-total ko na lamang po, Ginoong Pangulo—for the year 2000, the total is 250,712 *balikbayan* shoppers. It decreased pagdating ng 2001 at 227,113 *balikbayan* shoppers. I notice here na ang bulk ng mga mamimili were in the months of March, April, May and then December.

**Senator Villar**. Ginoong Pangulo, ilan nga uli ang sales noong year 2000? Iyong US$44 million, kailan ba iyon?

**Senator De Castro**. For the year 2000, US$50,723,901; and then for the year 2001, US$44,211,957.

**Senator Villar.** Ginoong Pangulo, puwede po ba nating mapakiusapan iyong mga taga-duty free shops na mag-compute kung magkano ang average nito? Idi-divide lamang natin itong US$50.7 million ng 250,000 at US$44 million ng 227,000. Gusto ko lamang ma-establish kung magkano ang average na binibili ng ating mga *balikbayan.*

**Senator De Castro.** Ginoong Pangulo, sa year 2001, ang average purchase per customer per month sa Fiesta Mall ay ito. Of the 227,113 *balikbayan* with a total sales of US$44,211,957, the average purchase per customer is US$194.

**Senator Villar.** Is this US$1,940 or US$194?

**Senator De Castro.** One hundred ninety-four dollars, Mr. President.

**Senator Villar.** Ginoong Pangulo, puwede po bang malaman din iyong sa year 2000?

SUSPENSION OF SESSION

**Senator De Castro.** Mr. President, may I ask that the session be suspended for one minute.

**The Presiding Officer** [Sen. Flavier]. The session is suspended for one minute, if there is no objection. *[There was none.]*

*It was 6:32 p.m.*

RESUMPTION OF SESSION

*At 6:33 p.m., the session was resumed.*

**The Presiding Officer** [Sen. Flavier]. The session is resumed. Senator De Castro is recognized.

**Senator De Castro.** For the year 2000, with total sales of US$50,723,901, the average per customer is US$202.31.

**Senator Villar.** Ginoong Pangulo, pinag-iisipan ko lamang that a *balikbayan* is entitled to US$2,000, pero ang average na binibili nila ay US$200 noong 2000 at bumaba pa noong 2001 sa US$194. Hindi kaya irrelevant na rin iyong US$2,000 na maging US$3,000 dahil ang average na binibili nila ay umaabot lamang ng US$200? Siguro ay wala silang ganitong karaming pera.

**Senator De Castro.** Kung sabagay, pag sinabi nating "customer," hindi lahat ay *balikbayan.* Mayroon din po ritong mga turista o frequent travelers. Nandito rin iyong mga *balikbayan* at overseas Filipino workers. Pero halos 50% ng mga namimili sa Duty Free Philippines ay balikbayan. Ang benta ng Duty Free Philippines ay galing sa mga balikbayan.

Pero iyong tanong ninyo, Ginoong Pangulo, ay: Kailangan pa bang dagdagan iyon? Tila hindi naman nauubos lahat ng mga namimili sa Duty Free Philippines iyong allotted sa kanila.

Iyon nga po ang dahilan. Kaya nga sa atin pong *Balikbayan* Program ay nagdagdag lamang tayo ng US$1,000 sa *Kabuhayan* Program. Ang ginawa natin, kung kulang rin iyong US$1,000, puwede silang kumuha from this US$2,000 na shopping privilege ng balikbayan. Pero hindi sila puwedeng kumuha sa *Kabuhayan* Program para gamitin naman sa shopping privilege. Sa ilalim lamang ng *Balikbayan* Program ng pamahalaan puwedeng kumuha ng shopping privilege ang isang balikbayan o isang overseas Filipino worker.

**Senator Villar.** Ginoong Pangulo, dahil po rito ay nakikita natin na uma-average ng US$200 lamang ang binibili nila, at iyong US$2,000 shopping privilege ay itataas pa natin sa US$3,000. Sinasabi sa figures na ito na nababawasan na ang kahalagahan nitong benefit sa ating mga balikbayan. Hindi kaya ito isang indikasyon na kinakailangan pa nating bigyan ng additional incentives ang ating mga balikbayan bukod sa ibinibigay lamang na additional US$1,000? Maaaring sa ibang porma ng tulong puwede nating matulungan ang ating mga balikbayan kaysa rito sa US$1,000.

**Senator De Castro.** Ang pinag-uusapan po natin ay total average per customer. Ang isa sa sinasabing nagpahina rin sa benta o kinikita ng Duty Free Philippines ay iyong pagbabawal sa mga frequent traveler na bumili ng electronic products sa Duty Free Philippines. Malaking bagay itong nawala sa Duty Free Philippines, itong mga frequent traveler na hindi makabili ng mga TV sets or refrigerators or stereo or VCD sa Duty Free Philippines sapagkat ipinagbawal ito ng ating pamahalaan at ang pinapayagan lamang ay iyong talagang mga balikbayan or the overseas Filipino workers. Ito po ay nagri-range from US$200 to US$800 for electronic products.

**Senator Villar.** Maaari bang malaman kung bakit ipinagbawal ng ating pamahalaan iyong pagtitinda ng electronics sa tourist duty-free shops?

**Senator De Castro.** Dahil nga po sa reklamo rin ng mga retailer natin na naapektuhan daw ang kanilang mga benta sapagkat pinahihintulutan ang mga frequent travelers na makabili ng mga electronic product.

**Senator Villar.** Ginoong Pangulo, ang nagrereklamo po ba ay iyong mga retailer natin o iyong ating mga manufacturer?

**Senator De Castro.** Iyong retailers po, Ginoong Pangulo. Dahil doon din naman bumibili ang Duty Free Philippines sa mga local manufacturer natin na may mga imported brand of electronics.

Ang karaniwang nagrereklamo ay itong mga negosyante na ang iniisip ay naaapektuhan ang kanilang benta kapag ang mga...Actually, ang gusto nila ay ipagbawal nang lubusan ang pagbebenta ng mga electronic product dito sa Duty Free Philippines.

**Senator Villar.** Nagtataka ako kung bakit bukod-tanging electronics lamang ang ipinagbabawal samantalang marami rin naman tayong mga produktong posibleng maapektuhan o naaapektuhan nitong tourist duty-free shops. We know that the system affects a lot of our manufacturers.

Ito po ay isang problema natin, Ginoong Pangulo, na talagang halos naubos na ang ating manufacturers noong buksán ang ating bansa sa liberalization. Kaya hindi ko malaman kung sino ang pinoprotektahan natin dito dahil talagang wala nang local manufacturers. Therefore, there is no need to protect anybody. Kaya nagtataka ako kung bakit ang electronics ay bukod-tanging protektado natin. Bakit hindi ang mga candy? Bakit hindi ang mga damit? Bakit ang electronics lamang? May malakas po bang naglalakad niyan na nasa electronic business, Mr. President?

**Senator De Castro.** Mr. President, we have no idea kung mayroon pong malakas na nagla-lobby sa mga negosyanteng Pilipino na involved sa electronic manufacturing or electronic products or even distribution of electronic products. But according to the staff of Duty Free Philippines, ang pinakamalaking item sa Duty Free Philippines ay itong mga electronic product. Ito ang pinakamahal na umaabot mula sa US$200 hanggang US$800, lalo na ngayong tumaas ang palitan ng Philippine peso against the US dollar. Kaya lalong tumaas ito. Marahil ito ang tinarget ng mga negosyante dahil malaki ang benta nito sa mga Duty Free Philippines shops.

**Senator Villar.** Ginoong Pangulo, ano bang klaseng mga electronic ito? Ito ba ay television sets, gas ranges or stereos?

**Senator De Castro.** Opo, television sets, stereos, DVD players, refrigerators, karaoke ang mga ibinebenta riyan.

But may I add, Mr. President, na noong ipagbawal ang pagbebenta ng mga electronic product sa ilalim ng Executive Order No. 250, ang sales o benta ng Duty Free Philippines ay bumaba to as much as 51%, from US$61 million in 1996 to only US$29 million in 1997.

Gayunman, noon ding mga taong iyon, ang report naman ng cash operations ng national government ay nagsasabi that the collections of the Bureau of Customs even dropped. The collections dropped by nine percent from P104.5 billion during fiscal year 1996 to P94.8 billion during fiscal year 1997. Kaya nangangahulugan na iyong inaasahang revenue or supposed revenue na makokolekta ng pamahalaan ay hindi na-realize. Maaaring may eksplanasyon dito. At ang maaaring magandang eksplanasyon dito, that the demand for these products dropped. Or such electronic products ay maaaring hindi binili sa Duty Free Philippines ng mga frequent traveler, kundi maaaring binili sa abroad at ipinadala rito sa pamamagitan ng door-to-door delivery or other avenues, Mr. President.

**Senator Villar.** Kaya ko lamang naitanong iyon ay dahil naniniwala akong dapat talagang tulungan ang ating mga balikbayan. At kung tutulong din lamang tayo, huwag bitin at mayroon pang mga exception. Sana ay tuluy-tuloy na lamang ang lahat. Sila rin naman ay dapat pangalagaan dahil napakalaki ng kanilang kontribusyon sa ating ekonomiya. At hindi naman dapat kampihan agad ang mga nagrereklamo sapagkat maaaring mga dayuhan din ang nagrereklamo na may mga planta rito ng mga kasangkapan o appliances. At kung nagrereklamo ang mga dayuhan, bagamat sila ay welcome na mag-invest dito, ang una muna nating dapat pangalagaan ay ang ating mga kababayang napeperhuwisyo sa ganyang klaseng programa.

**Senator De Castro.** Maganda po iyan, Ginoong Pangulo. At kung inyong isasama, pagdating ng period of amendments, ang tungkol diyan, matutuwa ang Duty Free Philippines. Pero ito ay bawal sa mga frequent traveler na entitled lamang sa shopping privilege na US$1,000. Pero sa mga *balikbayan* naman, including the overseas Filipino workers, puwede silang makabili ng electronic products nang isa-isa nga lamang—isang TV, isang DVD, isang VCD.

**Senator Villar.** Ang isa pa pong isyu, Ginoong Pangulo, ay nais ko ring malaman kung isasaalang-alang nating makaisip ng iba pang karagdagang tulong para sa ating mga kababayang nagbabalikbayan bukod dito. Sapagkat maliwanag na nakikita natin sa figures nitong taong 2000 at 2001 na hindi masyadong malaki... Malaki rin ang maitutulong. At ako ay sumasang-ayon sa panukalang-batas na ito. Ako ay 100% na sumasang-ayon dito, dangan nga lamang, base sa figures na ito, talagang nagtitipid na rin ang ating mga balikbayan. At maaaring sinasabi sa atin na sa ibang pagkakataon, sa ibang bagay naman natin sila dapat tulungan. At baka makaisip tayo, during the period of amendments, ng karagdagang tulong sa ating mga kababayan.

**Senator De Castro.** Ginoong Pangulo, puwede po nating idagdag sa panukalang-batas na ito ang pagpapahintulot sa balikbayan na gamitin ang kaniyang pribelehiyo sa pamimili sa loob ng pitong araw. Hindi iyong within 48 hours lamang. Ang katwiran po rito, sa pitong araw na iyon, lalung-lalo na kapag malayo ang pinanggalingan ng isang overseas Filipino worker o ng isang balikbayan, may jet lag pa siya, o kaya ay ugali o tradisyon nating mga Filipino na pagdating natin mula sa ibang bansa, sa loob ng dalawang taong ipinagtrabaho roon, gusto na natin agad makita ang ating mga mahal sa buhay—to hug our wife, our mother, our father, our sons and daughters and grandchildren.

Kaya hindi muna nila maasikaso ang pamimili. Pag-uusapan pa nila pagdating sa bahay kung ano ang mga kailangan sa bahay na dapat bilhin o iyong mga kailangan ng members of the family. Kaya umaasa kami na ang pagbibigay ng pitong araw na palugit upon arrival.... May I correct that, Mr. President. Five days upon arrival during the regular season, but seven days upon arrival during the Christmas season. *[There was a short pause.]*

May I correct that, Mr. President. Tama po—seven days upon arrival, but during Christmas season, from November 15 to January 15, the privilege is extended to 15 calendar days. Dahil kung Pasko raw po ay masyadong abala ang isang pamilya para magkaroon ng pagkakataong makapamili.

But these privileges shall be availed of by them sang-ayon sa nilalaman ng ating batas, "on a one-time shopping basis." Uulitin ko lamang iyong "one-time shopping basis." Sapagkat sa committee hearings, ang sabi nila ay baka maabuso iyong seven days at 15 days during Christmas season. Pero one-time lamang po ito. Isang beses lamang gagamitin sapagkat ang interpretasyon po ng mga resource speakers natin sa committee hearing ay pabalik-balik—within seven days or within 15 days during the Christmas season, Ginoong Pangulo.

**Senator Villar.** Ginoong Pangulo, itong Tourist Duty Free ba ay kumikita?

**Senator De Castro.** Itong nakaraang taon ay lugi po, Mr. President.

**Senator Villar.** Magkano ang lugi, Ginoong Pangulo?

**Senator De Castro.** Simula nang magkaroon tayo ng krisis noong 1996 ay negative 10 percent.

**Senator Villar.** Magkano po iyon, Ginoong Pangulo?

**Senator De Castro.** Kasi ang binabanggit lamang dito sa sales performance report ng Duty Free Philippines ay may sales lamang sila na US$318,494,676. Hindi po malaman dito kung magkano iyong negative ten percent.

**Senator Villar.** Magkano po ang benta nila sa pesos? P15 bilyon ang benta nila sa pesos. Kung 10 percent, e di P1.5 bilyon, Ginoong Pangulo.

**Senator De Castro.** Mahina po ako sa mathematics, Ginoong Pangulo.

**Senator Villar.** Magkano ang benta uli sa dolyar, Ginoong Pangulo?

**Senator De Castro.** Noong 1996 ay US$318,494,676.

**Senator Villar.** I-round-off na lamang natin, Ginoong Pangulo.

**Senator De Castro.** Oho. P15 bilyon, Ginoong Pangulo. Ano po ang exchange rate noon?

**Senator Villar.** Ito pong 2001, Ginoong Pangulo, since this is the latest.

**Senator De Castro.** Sa 2001 ay lalo pong bumaba, Ginoong Pangulo—US$136,959,482.

**Senator Villar.** US$136 million, Ginoong Pangulo?

**Senator De Castro.** Opo.

**Senator Villar.** US$136 million times P50 is P6.8 billion.

**Senator De Castro.** Ang nandito po kasi minus negative eight percent.

**Senator Villar.** Ang kanilang lugi?

**Senator De Castro.** Opo. Since 1996, 1997, 1998, 1999, 2000 and 2001 puro negative po ang lumalabas dito.

**Senator Villar.** Kung US$136 million po iyon, that is roughly P6.8 billion. Iyan ho ay eight percent ba?

**Senator De Castro.** Opo, negative eight percent.

**Senator Villar.** Mga P560 million, more or less. Sino ang nagbabayad niyang lugi, Ginoong Pangulo? Saan po nanggagaling ang lugi kapag nalugi ng P560 million?

**Senator De Castro.** Ginoong Pangulo, ayon po rito sa mga taga Duty Free Philippines, kapag lugi, unang-una, ay nagtitipid, nagbabawas ng mga empleyado at ang masakit po ay hindi nagre-remit muna sa Department of Tourism na mayroong malaking porsiyentong kinukuha rito para gamitin sa mga tourism-oriented projects of the government. So, hindi po nakakapag-turnover.

Itong 2001 po ay hindi nag-remit ang Duty Free Philippines sa Department of Tourism, Ginoong Pangulo.

**Senator Villar.** Ito po ba, Ginoong Pangulo, ay kasama sa budget ng Department of Tourism?

**Senator De Castro.** Hindi po kasama ito sa budget ng Department of Tourism, Ginoong Pangulo. Kasi ang ginagastusan nito ay ang Philippine Tourism Authority na hindi rin tumatanggap ng budget allocation mula sa ating pamahalaan.

**Senator Villar.** Kasi po, Ginoong Pangulo, kung ito ay nalulugi taun-taon malapit nang magsara ito. Kung hindi ito binibigyan ng gobyerno malapit nang magsara ito. Baka masayang ang ating panukalang-batas, Ginoong Pangulo.

**Senator De Castro.** Ayon sa mga taga Duty Free Philippines, Mr. President, ngayon daw ay unti-unti nang kumikita dahil nakakakita po ng kaunting pag-asa sa takbo ng ating ekonomiya. So surviving ho ang kanilang kita sa kasalukuyan kaya tipid na tipid ang ginagawa nila. But with this *Kabuhayan* Program, umaasa sila na makakabangon sila dahil mas pine-prefer, especially ng overseas Filipino workers, ang makabili sila ng mga tools na magagamit nila sa kanilang kabuhayan.

**Senator Villar.** Ginoong Pangulo, kung sila ba ay papayagang magtinda ng electronics, kikita na ba sila?

**Senator De Castro.** Opo, kasi binanggit ko po sa inyo kanina na iyong percentage sa electronics noon na ibinibenta nila, malaki po ang kinita nila sa electronics at malaki rin ang nawala noong alisin sa kanila itong pagbebenta ng electronics.

**Senator Villar.** Samakatuwid, Mr. President, in effect, we are subsidizing the retailers who were complaining dito sa pagtitinda ng mga electronics. Parang, in effect, dahilan sa kanila, ay nalulugi itong tourist duty free at parang nasu-subsidized natin ang kanilang industriya.

**Senator De Castro.** Kasi po ay ipinakita pa rin, Ginoong Pangulo, sa pag-aaral, na kahit ipinagbawal iyong pagbebenta ng mga electronic products sa mga frequent travelers, hindi rin naman kumita ang pamahalaan sa mga dapat kitain sa pamamagitan ng mga taxes from electronic products. Nangangahulugan na hindi rin gaanong naging mabisa na ipinagbawal nila dahil marahil nga ay bumibili rin sa abroad itong mga frequent travelers at ipinapasok sa ating bansa sa pamamagitan halimbawa ng door-to-door or other avenues.

**Senator Villar.** Anyway, Mr. President, iyon lamang at ang gusto ko lamang malaman kung may paraan kung paano natin magagawang mas efficient itong pagbili ng ating mga produkto sa ating tourist duty free—ang importasyon niyan—para bumaba ang ating cost at nang hindi naman nalulugi ang ating pamahalaan at hindi naman tayo nagsu-subsidize taun-taon. Samantalang napakagandang programa ito na pagtulong sa ating mga kababayan na *balikbayan*, masakit din naman sa bulsa ng ating bayan iyong nagsu-subsized ng operations.

Nabanggit ko lamang ho iyon, Ginoong Pangulo, dahil sa maganda ang inyong panukala at kung magsasara ang tourist duty free ay masasayang lamang itong ating proyekto. Kaya babalik akong muli sa sinasabi ko kanina na posible na magdagdag din tayo ng benepisyo sa ating mga balikbayan na hindi tungkol sa duty free. Bagamat ito ay napakagandang proposal, puwede pa nating dagdagan ito ng ibang tulong para sa mga *balikbayan* but not necessarily sa larangan ng duty free.

**Senator De Castro.** Puwede po iyan, Mr. President, kung tayo ay gagawa ng iba pang batas na maaaring mapakinabangan ng ating mga *balikbayan*. Nais kong pasalamatan, sa ngalan ng mga *balikbayan*, especially the overseas Filipino workers, the good gentleman from Las Piñas and Manila. Isa siya sa mga senador na nagpasok nitong panukalang-batas na ito tungkol sa ating *Balikbayan* Program, Mr. President.

**Senator Villar.** Maraming salamat po, Ginoong Pangulo. My colleague, salamat sa pag-clarify sa akin ng aking mga katanungan.

**Senator De Castro.** Thank you, Mr. President. Thank you, to the gentleman from Las Piñas and Manila and the whole Philippines, Sen. Manuel B. Villar Jr.

**The Presiding Officer** [Sen. Flavier]. The Majority Leader is recognized.

**Senator Legarda Leviste.** Thank you, Mr. President. I now move that we suspend the interpellations on Senate Bill No. 2101 under Committee Report No. 38.

**The Presiding Officer** [Sen. Flavier]. Is there any objection? *[Silence]* There being none, the motion is approved.

SUSPENSION OF CONSIDERATION OF S. NO. 2101

**Senator Legarda Leviste.** I move that we suspend consideration of the measure.

**The Presiding Officer** [Sen. Flavier]. Is there any objection? *[Silence]* There being none, the motion is approved.

BILL ON SECOND READING

**S. No. 1695 — Extending the Filing of Free Patent Applications on Alienable and Disposable Public Lands**

*(Continuation)*

**Senator Legarda Leviste.** Mr. President, I move that we resume consideration of Senate Bill No. 1695 as reported out under Committee Report No. 19.

**The Presiding Officer** [Sen. Flavier]. Is there any objection? *[Silence]* There being none, resumption of consideration of Senate Bill No. 1695 is now in order.